Magiging ligtas ba ang aking anak?

Kung ikaw ay nababahala ukol sa kaligtasan ng iyong anak, talakayin ito sa Children's Contact Service bago maganap ang unang pagbisita.

Mga Hukuman at Children's Contact Services

Kung magdesisyon kang magpunta sa hukuman para sa isang pagpapasya ukol sa iyong mga anak, maaaring ipag-utos ng hukuman na ikaw ay lumahok sa mga pinamamahalaang pagsasalit-salitan, o mapamahalaan sa isang mismong Children's Contact Service ang panahong nakakasama ng isang magulang o kapamilya ang bata.

Kung ipinag-utos sa iyo ng hukuman na dumalo sa isang Children's Contact Service, gagawin ng Serbisyo ang lahat ng makakaya nito upang matulungan kang sumunod sa utos, kung ikaw o ang kabilang magulang ng iyong anak ay makatutugon sa mga pamantayan nito, at mayroon itong mga naaangkop na pasilidad at kagamitan. Ang Children's Contact Service ay hindi saklaw ng isang utos ng hukuman.

Maaari kang bumalik sa hukuman kung mawalan ng bisa ang utos ng hukuman, kung hindi magagawa ng Children's Contact Service na ipagpatuloy ang pagbibigay ng mga serbisyo nito, o kung ang Serbisyo ay magrerekomenda, sa pamamagitan ng pagsulat sa iyo at sa kabilang magulang, ng pagbabago sa kautusan. Kung ikaw at ang kabilang magulang ay magkakasundo sa pamamagitan ng kasulatan sa mga bagong kaaayusan para sa paglaan ng panahon sa iyong anak, maaaring kailanganin mong bumalik sa hukuman upang magpagawa ng isang kautusan sa pagpapahintulot. Gagawa lamang ang hukuman ng isang kautusan sa pagpahintulot kung ito ay para sa ikabubuti ng bata.

Maaaring irekomenda ng Children's Contact Service na ikaw o ang kabilang magulang ay lumahok sa isang programa sa pagiging magulang matapos ang paghihiwalay. Maaaring ipag-utos ng hukuman ang pagdalo sa iba pang mga programa sa anumang oras habang may isinasagawang ligal na hakbang upang subukang malutas ang mga isyu na nakahadlang sa paglalaan ng panahon upang makasama ng magulang ang bata.

Maaari ding ipag-utos ng hukuman ang isang ulat mula sa Children's Contact Service. Ang mga ulat ay maaaring magbigay sa hukuman ng impormasyon ukol sa panahong nakakasama ang bata sa Serbisyo at maaari nitong tulungan ang hukuman upang matukoy kung papayagan nito ang mga di-pinamamahalaang pagbisita.

Magkano ang magiging gastos?

Ang mga Children's Contact Service ay maniningil para sa mga pagsasalitan at mga pinamamahalaang pagbisita. Ipagbigay-alam sa Serbisyo kung mababa ang iyong kinikita o kung nahihirapan ka sa pinansya sapagkat may mga isasagawang hakbang ang Serbisyo upang tiyakin na magagamit mo ang Serbisyo.

Paano ko makokontak ang Children's Contact Service?

Pinopondohan ng Pamahalaan ng Australia ang ilang mga organisasyong nakabase sa komunidad sa ilalim ng Family Relationship Services Program upang makapagbigay ng mga Children's Contact Service.

Para sa karagdagang impormasyon at mga detalye ng pagkontak tawagan ang Family Relationship Advice Line sa numerong **1800 050 321** mula **alas-8 ng umaga hanggang alas-8 ng gabi Lunes hanggang Biyernes** at **alas-10 ng umaga hanggang alas-4 ng hapon kapag Sabado** (maliban sa mga pambansang piyesta-opisyal).

Maaari mo ding bisitahin ang Family Relationships Online sa **www.familyrelationships.gov.au**

Australian Government

Children's Contact Services – mga pinamamahalaang pagsasalit-salitan at pagbisita

Kung saan ang mga hiwalay na magulang ay dumaranas ng mga mataas na antas ng di-pagkakasundo o kung may mga alalahanin ukol sa karahasan, pinondohan ng Pamahalaan ng Australia ang Children's Contact Services upang mabigyang-daan ang ligtas na paglipat ng mga bata mula sa isang magulang papunta sa isa pa at para magkaroon ng pinamamahalaang mga pagbisita upang makasama ng bawat magulang ang kanilang mga anak.

Ano ang isang Children's Contact Service?

Ang mga Children's Contact Service ay tumutulong sa mga batang mula sa mga hiwalay na pamilya na makapagtatag o makapagpanatili ng isang relasyon sa magulang na hindi nila kasama sa bahay. Kapag naghiwalay ang mga pamilya at problema ang paglilipat ng mga bata mula sa isang magulang papunta sa isa pa, ang Children's Contact Service ay nagbibigay ng isang walang-kinikilingang lugar para sa mga ligtas na pagsasalit-salitan.

Kung kinakailangan, o ayon sa ipinag-utos ng hukuman, maaaring pamahalaan ng Serbisyo ang panahong nakakasama ng mga bata ang isang magulang o ang iba pang mga kapamilya. Minsan ito ay sanhi ng mga idinadahilang karahasan. Minsan ito ay sapagkat ang bata ay muling ipinapakilala sa isang magulang o kapamilya na hindi nila masyadong nakasama o hindi pa nila nakasama.

Ano ang isang pinamamahalaang pagsasalit-salitan?

Sa mga nagkahiwalay na pamilya may mga pagkakataon kung kailan kailangang 'maihatid' at 'maibalik' ang bata sa magulang o kapamilya na hindi araw-araw na nangangalaga sa kanila. Sa mga pagkakataon kung saan ang alinmang magulang ay hindi komportable sa harap-harapang pakikipagtagpo, ang isang kawani ng Children's Contact Service ang maaaring mangasiwa o mamahala sa pagsasalit-salitan.

Ano ang isang pinamamahalaang bisita sa pagkontak?

Kapag ang isang bata ay kailangang magkaroon ng isang ligtas at kontroladong sitwasyon kung saan ay makakasama niya ang kabilang magulang o iba pang kapamilya, ang bisita ay maaaring pamahalaan ng isang kawani ng Children's Contact Service.

Ano ang nangyayari sa panahon ng isang pinamamahalaang pagkontak?

Ang mga pagbisita ay dapat na maging isang masayang panahon para sa bata. Ang Children's Contact Service ay may hanay ng mga laruan at aktibidad na magagamit ng bata at magulang. Ang isang kawani ng Children's Contact Service ay magmamasid sa relasyon sa pagitan ng bata at ng kaniyang magulang sa lahat ng oras.

Sino ang maaaring magpunta sa Children's Contact Service?

Ang mga nagkahiwalay na pamilya ay maaaring matulungan ng isang Children's Contact Service. Maaari kang gumamit ng isang Children's Contact Service kung ikaw man ay nakasal o nakasama kailanman o hindi ng kabilang magulang ng bata.

Kailan ako gagamit ng isang Children's Contact Service?

Maaari kang gumamit ng isang Children's Contact Service nang boluntaryo o sapagkat ipinag-utos sa iyo ng isang hukuman na gamitin ang Serbisyo. Maaaring iutos ang hukuman na ang pagsasalitan ng mga bata, o ang panahong nakakasama ng mga bata ang isang magulang o iba pang kapamilya, ay mapamahalaan.

Anong impormasyon ang maaaring maibigay sa akin ng isang Children's Contact Service

Ang isang Children's Contact Service ay magpapaliwanag ng mga patakarang pangkaligtasan sa paggamit ng Serbisyo at makapagsasabi sa iyo ng tungkol sa iba pang mga serbisyong makakatulong sa iyo.

Kompidensyal ba ang aking sasabihin sa isang Children's Contact Service?

Hindi, ang anumang bagay na sinabi o ginawa sa isang Children's Contact Service ay maaaring iulat bilang patunay sa anumang hukuman. Maaaring mag-ulat ang mga Children's Contact Service kung ano ang naobserbahan ng mga kawani sa isang pagsasalitan o pagbisita sa iyo, sa hukuman, sa iyong sariling abugado o independiyenteng abugado na hinirang upang kumatawan sa iyong anak.

Ang pamamahala ba ay walang kikilingan?

Ang mga kawani ng Children's Contact Service ay walang pinapanigan. Nakatutok sila sa bata at hindi sa di-pagkakasundo ng mga magulang o ng mga kapamilya.

Ano ang sasabihin ko sa aking anak ukol sa pinamamahalaang pagkontak?

Makipag-usap sa iyong anak sa mga simpleng salita. Sabihin sa kanila nila kung saan kakatagpuin o makakasama ang kanilang kabilang magulang o kapamilya. Ilarawan ito bilang isang ligtas at palakaibigang lugar. Dalhin sila sa Children's Contact Service para sa isang pagbisita bago magsimula ang mga pinamamahalaang pagsasalitan o pagbisita. Tiyakin na alam ng bata kung sino ang kanilang kakatagpuin at kung gaano katagal at kung sino ang susundo sa kanila matapos ang pagbisita upang dalhin sila pauwi.

Gaano katagal ang panahon na kinakailangang mapamahalaan ang oras na nakakasama ng isang magulang ang kaniyang anak?

Kadalasan ang relasyon sa pagitan ng magulang at anak ay bumubuti upang sa gayon ay hindi na kakailanganin ang pamamahala. Minsan ang pamamahala ay nagiging tuluy-tuloy. Kung ipinag-utos ng hukuman ang mga pinamamahalaang pagsasalitan o pagbisita, ang mga ito ay magpapatuloy hanggang sa magbago ng pasya ang hukuman.

Paano kung pakiramdam mo ay nanganganib ka?

Ang Children's Contact Services ay may nakalaang mga kaayusan upang maprotektahan ang kaligtasan ng mga kliyente at mga tauhan. Kung mayroon kang mga ikinababahala ukol sa iyong kaligtasan o sa kaligtasan ng iyong mga anak, dapat mo itong ipagbigay-alam sa tauhan ng Serbisyo sa lalong madaling panahon.